

Yugto 3: Bagong Route 223

Saklaw ang mga bahagi ng pinalitang Route 221 at binagong Route 226

- Route 223 - Bagong lokal na ruta
- Linya at istasyon ng East Link
- Linya at istasyon ng Link (Angle Lake papuntang Northgate)
- Sentro ng Transit
- P Permanenteng Park&Ride
- Kalahating milyang buffer ng paglalakad sa paligid ng istasyon ng Eastlink
- Priyoridad na Lugar para sa Pagkakapantay-pantay

Mga Piling Asset ng Komunidad

- Kolehiyo
- Mataas na Paaralan
- Silid-aklatan
- Sentro ng Komunidad/Sentro para sa Nakatatanda
- Pang-emergency na Silungan/ Mapagkukunan ng Ayudang Pagkain
- Ospital
- Sinusuportahang pabahay (50+ unit)

TANDAAN: hindi lumalabas ang lahat ng legend item sa lahat ng mapa

The use of the information in this map is subject to the terms and conditions found at: www.kingcounty.gov/services/gis/Maps/terms-of-use.aspx. Your access and use is conditioned on your acceptance of these terms and conditions.

G:\CTemp\EastLink\MXD\P3ProposedRtMaps\kcmetro-route-223_P3Proposed January 4, 2022

King County

King County METRO
Moving forward together

Proyektong East Link Connections

Bagong Lokal na Route 223 – Yugto 3

Mga Sineserbisyuhang Kapitbahayan:

- Downtown Redmond, Overlake, Crossroads, Lake Hills, Bellevue College, Eastgate Park and Ride

Buod ng Mga Iminumungkahing Pagbabago:

- Pinapalitan ang kasalukuyang Route 221 at Route 226 sa pagitan ng Overlake at Eastgate Park and Ride.
- Naglalaan ng koneksyon mula South Redmond at East Bellevue hanggang Link light rail sa Overlake Village station.
- Nagbibigay ng serbisyo sa Bellevue College mula Overlake at Crossroads.
- Bago sa Yugto 3, pinapalawak ang serbisyo hanggang sa kabayanan ng Redmond na papalit sa kasalukuyang Route 221 sa Old Redmond Road at 148th Ave NE sa pagitan ng kabayanan ng Redmond at Overlake.
- Bago sa Yugto 3, hindi na seserbisyuhan ng Route 223 ang kasalukuyang daan ng Route 226 sa Northup Way mula 164th Ave NE hanggang NE 8th St (Bretton Wood) at sa NE 8th St mula Northup Way hanggang 164th Ave NE, upang makapagbigay ng mas direktang daan at mapanatili ang pagsaklaw ng Route 221 sa 148th Ave NE. Ang daang ito ay nasa iminumungkahing On-Demand na naaayong lugar ng serbisyo.
- Sa 2023, magtatapos ang rutang ito sa Redmond Transit Center. Sa 2024, magtatapos ang rutang ito sa Downtown Redmond Link Station kapag bukas na ito.

Bakit iminumungkahi ang pagbabagong ito?

- Upang makapaglaan ng mas mabibilis at direktang koneksyon sa Link light rail, Crossroads, at mga lokal na kapitbahayan.
- Upang maparami ang saklaw sa lugar ng Overlake.

Gaano kadalas darating ang bus (sa minuto):

	Lunes hanggang Biyernes			**Sabado**		**Linggo**	
	Matataong Oras 6-9 a.m. at 3-7 p.m.	**Tanghali** 9 a.m. - 3 p.m.	**Gabi** 7 p.m. - 5 a.m.	**Araw** 5 a.m. - 7 p.m.	**Gabi** 7 p.m. - 5 a.m.	**Araw** 5 a.m. - 7 p.m.	**Gabi** 7 p.m. - 5 a.m.
Kasalukuyan	-	-	-	-	-	-	-
Iminumungkahi	20	30	30-60	30-60	60	30-60	60

Oras ng Serbisyo:

	Lunes hanggang Biyernes	**Sabado**	**Linggo**
Kasalukuyan	-	-	-
Iminumungkahi	5:00 a.m. – 12 nang hatinggabi	6:00 a.m. – 12 nang hatinggabi	6:00 a.m. – 12 nang hatinggabi

Paano nito natutugunan ang feedback na natanggap ng Metro sa Yugto 1 at 2?

- Mas maraming oportunidad sa paglipat para makabiyahe ang mga pasahero sa iba't ibang lokal at panrehiyong destinasyon.
- Mga mas direktang daan para sa mas mabibilis na ruta – mas tuwid na daanan sa Crossroads.
- Pananatilihin ang serbisyo sa Old Redmond Road at 148th Ave NE sa pamamagitan ng pagpapalawak ng ruta mula Redmond Technology Station hanggang Downtown Redmond.

* Madalas - Dumarating ang bus kada 15 minuto o mas mabilis pa sa matataong oras at kada 30 minuto o mas mabilis pa sa hindi matataong oras.
* Lokal – Buong araw na serbisyo ng bus na hindi nakakatugon sa pamantayan para sa pagiging madalas.
* Matataong oras lang – Dumarating lang ang bus tuwing 5-9 a.m. at 3-7 p.m. Ito ang mga oras ng araw kung kailan may pinakamaraming pasahero ang Metro at ang Sound Transit, na kadalasan ay mga regular na oras ng pag-commute, mula Lunes hanggang Biyernes.